O Anak ni Adan, tunay na ikaw, hanggat dumalangin ka sa Akin at umasa ka sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo sa anumang nasa iyo at hindi Ako papansin

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Nagsabi si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas): O Anak ni Adan, tunay na ikaw, hanggat dumalangin ka sa Akin at umasa ka sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo sa anumang nasa iyo at hindi Ako papansin. O Anak ni Adan, kung sakaling umabot ang mga pagkakasala mo sa mga ulap ng langit, pagkatapos humingi ka ng tawad sa Akin, magpapatawad Ako sa iyo at hindi Ako papansin. O Anak ni Adan, kung sakaling nagdala ka sa Akin ng kasinglaki ng lupa na mga kamalian, pagkatapos nakipagkita ka sa Akin nang hindi nagtatambal sa Akin ng anuman, talagang maghahatid nga Ako sa iyo ng kasinglaki nito na kapatawaran."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay nagsabi sa banal na ḥadīth: O Anak ni Adan, hanggat namalagi kang dumadalangin sa Akin at umaasa sa awa Ko at hindi ka nalalagutan ng pag-asa, magtatakip Ako sa pagkakasala mo at magpapawi Ako nito habang hindi pumapansin nito, kahit pa man itong pagkakasalang ito at pagsuway ay kabilang sa malalaking kasalanan. O Anak ni Adan, kung sakaling dumami ang mga pagkakasala mo nang isang pagdaming pumupuno sa nasa pagitan ng langit at lupa kung saan umaabot ang mga ito sa mga rehiyon niyon at lumalaganap ang mga ito sa mga dako niyon, pagkatapos humingi ka ng tawad sa Akin, magpapawi Ako at magpapatawad Ako sa iyo ng lahat ng mga ito habang hindi pumapansin sa dami ng mga ito. O Anak ni Adan, tunay na ikaw – kung sakaling naghatid ka sa Akin matapos ng kamatayan ng kasimpuno ng lupa na mga pagkakasala at mga pagsuway at ikaw nga ay namatay na isang monoteista na hindi ka nagtatambal sa Akin ng anuman – ay talagang tatapatan Ko itong mga pagkakasala at mga pagsuway ng kasimpuno ng lupa na pagpapatawad dahil Ako ay Malawak ang pagpapatawad at nagpapatawad ng lahat ng mga pagkakasala maliban sa Shirk.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5456